BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Enero 24, 2022
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419 o sa kroselius@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, hinihingi ang pag-apruba ng Lupon sa Pagdinig para tapusin ang matitinding paglabag sa kalidad ng hangin sa Valero

Kasunod ng pagkilos, inaasahang magkakaroon ng malaking pagbabago sa pangangasiwa ng mga kaso ng pagpapatupad magmula ngayon

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na humihingi ito ng pag-apruba para sa isang kautusan sa pagbawas ng emisyon sa hiwalay na Lupon sa Pagdinig ng ahensya para tapusin ang matitinding paglabag sa sobrang emisyon ng Valero Refining Co. sa refinery nito sa Benicia.

Nagmula ang iminumungkahing kautusan sa pagbawas ng emisyon sa isang inspeksyon noong 2019 na may mga natukoy na hindi iniulat na emisyon ng mga mapaminsalang organic na compound na higit sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin sa refinery sa Benicia ng Valero. Nagpasimula ang natuklasang ito ng komprehensibong pagsisiyasat sa pasilidad para matukoy ang kabuuang lawak ng release at nagresulta ito sa isang Paunawa ng Paglabag para sa mga hindi iniulat na emisyon.

“Ang hindi pagpapahalaga ng Valero sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa nakapaligid na komunidad ang dahilan kung bakit kinailangang magpasya at magpataw ng malalaking multa, ito ay para maiwasan ang mga paglabag sa hinaharap,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Hindi inulat o kinontrol ng Valero ang mga emisyon mula sa source na ito gaya ng iniaatas ng mga regulasyon ng Distrito ng Hangin, at batas ng estado at pederal kaya hinihiling naming aprubahan ang isang kautusan sa pagbawas ng emisyon, nang sa gayon ay magkaroon ng transparency habang sinisikap naming papanagutin ang Valero para sa mga pagkilos nito. Inaabisuhan na ngayon ang mga lumalabag na tatalakayin ang mga kasalukuyang paglabag sa kalidad ng hangin sa isang pampublikong forum sa harap ng Lupon sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin o hukuman ng estado.”

Inatasan ng paunang Paunawa ng Paglabag ng Distrito ng Hangin ang Valero na sundin ang mga regulasyon nito sa kanilang pasilidad sa Benicia sa ligtas na paraan sa lalong madaling panahon. Nagpasimula kaagad ang pasilidad ng proyekto ng konstruksyon para mabawasan ang mga sobrang emisyon, pero hindi naayos ang problema ng engineering fix na ito. Bagama't lubos na nabawasan ng proyekto ang mga emisyon, hindi nito naalis ang mga ito. Dahil kailangan nitong pumunta sa isang pampublikong pagdinig sa harap ng hiwalay na Lupon sa Pagdinig, sumang-ayon na ngayon ang Valero sa mga hinihingi ng Distrito ng Hangin na ihinto ang mga natitirang emisyon. Naghain ang Distrito ng Hangin sa Lupon sa Pagdinig ng kautusan sa pagbawas ng emisyon na

legal na magpapailalim sa Valero sa mga tuntunin ng kasunduan. Aatasan din ng Distrito ng Hangin ang Valero na magbayad ng multa na tugma sa tindi ng paglabag.

Bukod sa kautusan sa pagbawas ng emisyon, nakikipag-usap ang Distrito ng Hangin sa (Environmental Protection Agency, EPA) ng US para matukoy kung may mga nalabag na pederal na batas.

Nagbibigay-daan sa transparency ang mga kautusan sa at kaso ng pagbawas ng emisyon na ipinaparating sa Lupon sa Pagdinig, dahil inilalahad ang mga detalye at ebidensya sa isang open forum habang nagbibigay ng oportunidad sa publiko na makibahagi. Hinihikayat ang publiko na makibahagi at magkomento sa oras na ilahad ang iminumungkahing kautusan sa pagbawas ng emisyon sa Lupon sa Pagdinig. Kapag naiskedyul na ang pagdinig, magpo-post ng link sa website ng Distritro ng Hangin sa baaqmd.gov. Puwede ring mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon sa Pagdinig sa https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | *News Releases*